


Humanga sa mga tanawin at mababangong amoy sa mga sanga ng higit sa 200 matitikas na puno, habang namumulaklak ang mga malasutlang kulay-pilak na usbong ng mga singlaki ng platito na mga bulaklak na kulay rosas, puti at magenta sa parating nakamamanghang taunang pagsibol sa Garden.

Katutubo sa Asya at ng Amerika, ang mga *Magnolia* ay sinaunang namumulaklak na mga puno na hinhangaan ng mga tao simula noon pa. Dito sa malamig at mahamog na San Francisco, nagpapalaki kami ng mga sari-saring uri mula sa halos lahat ng kanilang hanay, mula sa mga gubat ng Himalaya na naapektuhan ng tag-ulan at may katamtamang klima hanggang sa mga maulap na gubat ng Mesoamerica.

Siguraduhing bumisita sa website ng Garden para sa kompletong listahan ng mga gawain na nagdidiwang sa maganda nitong pag-usbong!

[sfbg.org](http://sfbg.org)



Hanapin ang mga **KULAY ROSAS (PINK) NA KARATULA** sa Garden upang makilala ang mga tampok na halaman, at tignan ang likod nito para sa paglalarawan ng bawat isa. Maaari mo ring i-scan ang mga QR code sa karatula para sa dagdag na impormasyon at mga larawan.

- |   |   |  |
|---|---|--|
| 1. <i>Magnolia laevifolia</i> 'Strybing Compact'    | 8. <i>Magnolia campbellii</i>                   | 15. <i>Magnolia campbellii</i> 'Late Pink' |
| 2. <i>Magnolia campbellii</i> 'Darjeeling'          | 9. <i>Magnolia denudata</i>                     | 16. <i>Magnolia grandiflora</i> 'Russet'   |
| 3. <i>Magnolia dawsoniana</i>                       | 10. <i>Magnolia campbellii</i> 'Strybing White' | 17. <i>Magnolia sprengeri</i>              |
| 4. <i>Magnolia sharpii</i>                          | 11. <i>Magnolia doltsopa</i>                    | 18. <i>Magnolia zenii</i>                  |
| 5. <i>Magnolia macrophylla</i> var. <i>dealbata</i> | 12. <i>Magnolia x alba</i>                      | 19. <i>Magnolia amoena</i>                 |
| 6. <i>Magnolia liliiflora</i>                       | 13. <i>Magnolia officinalis</i>                 | 20. <i>Magnolia stellata</i> 'Rosea'       |
| 7. <i>Magnolia x soulangeana</i> 'Rustic Rubra'     | 14. <i>Magnolia x veitchii</i>                  |  |



Mga I-sponsor sa Media:

KQED

San Francisco  
magazine

San Francisco Chronicle

## TUNGKOL SA MAGNIFICENT MAGNOLIA GARDEN COLLECTION

Noong taglamig ng 1940, nagbago ang hortikultural na kasaysayan sa bagong bukas na San Francisco Botanical Garden nang unang magbunga mula sa mga kauri nito ang kakaibang hugis tasa at platitong magnolia (*Magnolia campbellii*) sa Estados Unidos. Marami ang nagtipong sabik at natutuwang bisita na naghintay sa mahabang pila upang makita ang nakamamangha, malaki, at kulay rosas na mga usbong ng sikat na *Magnolia* na ito na makikita pa rin sa Garden ngayong araw (mapa #8). Simula pa lamang iyon. Ang Garden ay tahanan na ngayon ng higit sa 200 *Magnolia*—karamihan ay bihira at makasaysayan. Kabilang sa kasalukuyang koleksyon ng Garden ang 53 uri, 41 cultivar, at 6 na hybrid. Ang koleksyong ito ang pinakamahalagang koleksyon para sa mga layunin ng pangangalaga sa Estados Unidos. Basahin ang higit pa tungkol sa mga pinakinangatang ispesimen ng Garden at mag-enjoy!

**1 *Magnolia laevifolia* 'Strybing Compact'** – Ang cultivar na ito ng *Magnolia laevifolia* ay pinili rito sa San Francisco Botanical Garden. Pinili ito dahil sa anyo nitong siksik at tila palumpong, samantalang maaring lumaki hanggang may taas na 3 metro ang mga tuwid na uri. Umuusbong sa Marso–Abril.

**2 *Magnolia campbellii* 'Darjeeling'** – Pinaniniwalaan ng marami na ito ang pinakanakakamangha sa lahat ng mga *Magnolia* na umuusbong sa Garden, ang likhang Himalayan na ito ay mula sa isang puno sa Lloyd Botanic Garden sa Darjeeling, India, at naghahandog ng magarang bulaklak na malalim na rosas ang kulay na tumutubo sa mga sangang walang dahon na parang dramatikong pagtatanghal.

**3 *Magnolia dawsoniana*** – Ang nanganganib na mawala na *Magnolia* na ito ay mula sa Tsina, at ipinangalan mula sa superintendente ng Arnold Arboretum ng Harvard University na si Jackson Thornton Dawson, at may malalaking kulay rosas na bulaklak—may laking hanggang sa 25 sentimetro o 10 pulgada—na lumalaylay sa paglipas ng panahon at nagmimistulang bandera na umihip sa hangin.

**4 *Magnolia sharpii*** – Ang nanganganib na mawalang *Magnolia* na ito ay mahahanap lamang mula sa limang lokasyon sa mga maulap na gubat ng rehiyon ng Chiapas sa Mexico. Nanganganib itong mawala dahil sa pagkasira ng kapaligiran dahil sa mga gawain ng tao tulad ng pagtotroso at agrikultura.

**5 *Magnolia macrophylla* var. *dealbata*** – Karaniwang tinatawag na bigleaf magnolia, naaangkop ang pagbanyag sa katubong ito ng Mexico, dahil ang mga mabikas nitong dahon ay maaaring lumaki hanggang sa 30 pulgada ng haba. Sa tag-init, ang mga bulaklak ay kulay krema na may manamis-namis na amoy.

**6 *Magnolia liliiflora*** – Katutubo sa Tsina, ang siksik, bilugan, parang palumpong, nangungulag na *Magnolia* na ito ay karaniwang lumalaki nang 8 hanggang 12 talampakang taas at lapad. Hugis kopa o lily, ang mga bulaklak na kulay lila at kulay rosas ay umuusbong sa tagsibol sa panahon ng, o ilang sandali bago ang pagtubo ng dahon. Ang partikular na pagbanyag na *liliiflora* ay tumutukoy sa mga bulaklak nitong katulad ng lily.

**7 *Magnolia x soulangeana* 'Rustica Rubra'** – Taong 1820 noong ipinagsama ni Etienne Soulanges-Bodin ang *M. denudata* at *M. liliiflora* upang likhain ang *M. x soulangeana*. Simula noon, marami nang ginawang hybrid na nagresulta sa iba't ibang cultivar gaya ng 'Rustica Rubra', isang Dutch na kopya na ginawa sa katapusan ng ikalabinsiyam na siglo sa Boskoop. Ang mapula at kulay lila na mga bulaklak, na puti sa loob, ay may klasikong hugis kopa.

**8 *Magnolia campbellii*** – Katutubo sa Himalayas, ang hugis tasa at platitong magnolia na tinatawag ding puno ng kulay rosas na tulip ay unang nakilala sa U.S. noong 1924. Itinanim ni Eric Walther, ang unang Direktor ng Garden, ang ispesimen na ito na una sa kaniyang uri na umusbong sa U.S. noong 1940 sa edad na 17. Kayang umabot sa 10 pulgada na lapad ang malalaki at mababangong nitong bulaklak, at maaaring maging kulay puti o mapula hanggang malalim na kulay rosas.

**9 *Magnolia denudata*** – Ang unang *Magnolia* mula sa Silangan na idinala sa kanluran noong nakarating ito sa Inglatera noong 1780, isa ito sa magulang ng maraming cultivar. Tinatawag na "yulan" o "jade orchid" ng mga Tsino, at may tampok na katangitangi, mabusilak na puting bulaklak, ang *M. Denudata* ang may pinakamatagal na nalalamang kasaysayan ng pagtatanim kumpara sa lahat ng mga magnolia, simula pa noong Dinastiya ng Tang –618 C.E. Bantog ang kagandahan nito sa mga sinaunang burda, sulatin, at porselana ng mga Tsino sa mga eksena ng kanayunan.

## BOOKSTORE AT PLANT ARBOR

Matuwa sa mga espesyal na kagamitang *Magnolia* sa Garden Bookstore. Bumili ng halaman sa Plant Arbor at iuwi ang Garden sa iyong bahay!

## TUNGKOL SA SAN FRANCISCO BOTANICAL GARDEN

Nag-aalok ang SFBG ng 55 acre ng mga hardin na nagpapakita ng higit sa 8,000 iba't ibang uri ng halaman mula sa lahat ng dako ng mundo. Dagdag pa sa sibol ng *Magnolia* ngayong taglamig, tampok din ng Garden ang marami pang ibang highlight ngayong panahon, kabilang ang isang Redwood Grove na may tandang isang siglo, pati na rin ang mga koleksyon sa maulap na gubat mula sa Mesoamerica, Andes, at Timog Silangang Asya bukod sa iba pang katangitang pangandaigdigang koleksyon ng mga halaman.

Upang makatanggap ng pinakabagong update tungkol sa mga umuusbong na magnolia, i-follow kami sa **Instagram** (@sfbotanicalgarden), **Facebook** (facebook.com/SanFranciscoBotanicalGarden), at **Twitter** (@SFBGS). Upang matuto nang higit pa tungkol sa Garden, bumisita sa [sfbg.org](http://sfbg.org).

## MAGING MIYEMBRO

Suportahan ang Garden at i-enjoy ang mga katuwa-tuwang benepisyo buong taon:

- Libreng pagpasok (kasama ang isang bisita) sa Garden 365 araw sa isang taon
- 10% Diskwento sa Plant Arbor, sa Tindahan ng Libro, at mga lokal na nursery
- Pagiging miyembro rin sa 345 pampublikong hardin, kabilang ang Hardin ng Tsaa ng Hapon (Japanese Tea Garden) at Konserbatoryo ng Mga Bulaklak (Conservatory of Flowers)
- May diskwuentong ticket at mga paunang-benta para sa mga sikat na programa gaya ng Garden Camp at Holiday Wreath Making

Dahil sa limitadong pampublikong pagpopondo, ang pagsuporta mo sa komunidad ay mahalaga.


**Sumali ngayong hanggang Marso 15 at makakuha ng libreng halaman sa Plant Arbor (na nagkakahalaga ng \$15).**

Nagsisimula ang membership sa halagang \$70. Mag-sign up sa kiosk o online sa [sfbg.org/membership](http://sfbg.org/membership).

## TIGNAN ANG MGA KAHANGA-HANGANG MAGNOLIA SA IYONG SMARTPHONE

### NARITO ANG KUNG PAANO:

1. Buksan ang camera app ng iyong smart phone
2. Itutok ang telepono sa QR code sa may numerong kulay rosas na label
3. I-tap ang link na lalabas sa iyong screen
4. Matuto nang higit pa tungkol sa bawat tampok na *Magnolia* sa Garden Explorer.



**10 *Magnolia campbellii* 'Strybing White'** – Ang pinakamalaking *Magnolia* sa Garden, na may taas na higit sa 80 talampakan, ang espesyal na puting anyo ng uri na ito ay pinalaki mula sa binhi na binili sa India noong 1934, pinatubo sa Golden Gate Park Nursery, at itinanim dito noong 1940.

**11 *Magnolia doltsopa*** – Isang evergreen *Magnolia* na dating tinatawag na *Michelia doltsopa*, ang karaniwang tinatawag na "sweet michelia" na unang nadiskubre malapit sa Kathmandu, Nepal noong 1803. Ang mga napakabangong puting bulaklak ay humigit-kumulang 6 na pulgada ang lapad, mula sa malasutlang kulay kapeng usbong. Bagaman ang uri na ito ay kadalasang makikita sa mga kalye ng Bay Area, ang mga ispesimen sa Garden ay ilan sa mga pinakamalaking tanim sa California.

**12 *Magnolia x alba*** – Ang hybrid na ito ay likha mula sa dalawang Asyanong uri, ang *M. champaca* at *M. montana*. Ito ay isang magandang subtropical na puno na may mababangong bulaklak na may katas na ginagamit bilang pangunahing sangkap sa ilan sa mga pinakamahal na pabango sa mundo.

**13 *Magnolia officinalis*** – Ang nanganganib at naglalagas na punong ito ay galing sa Tsina kung saan malawak ngunit lumiliit ang populasyon nito. Nililnang ito para makapag-supply ng balat ng puno sa komersyal na merkado, ginagamit ang balat sa mga tradisyonal na gamot ng Tsino at Hapon para sa paggamot ng iba't ibang sakit.

**14 *Magnolia x veitchii*** – Ang *M. x veitchii* ay isang masigla, taunang naglalagas, patayo, at malaking palumpong o maliit na puno, na nakahahalina ng mga bubuyog at nagpo-pollinate na mga insekto. Isang pagsasama ng *M. campbellii* at *M. denudata*, na orihinal na nilikha ni Veitch noong 1907.

**15 *Magnolia campbellii* 'Late Pink'** – Ipinakilala sa Garden mula sa binhi na binili noong 1934 mula sa G. Ghose and Co. sa Darjeeling, India, lumalabas ang mga bulaklak ng *Magnolia* na ito nang mas huli nang hanggang sa 2 hanggang 4 na linggo kumapara sa iba pang *M. campbellii* na ispesimen sa aming koleksyon.

**16 *Magnolia grandiflora* 'Russet'** – Ang evergreen na *Magnolia* na ito ay katutubo sa timog silangang Estados Unidos at kilala sa mga kaakit-akit na malalim na kulay luntiang dahon at sa malalaki at napakababangong nitong bulaklak. Ang partikular na banyag nito na *grandiflora* ay mula sa salitang Latin na nangangahulugang "malalaking bulaklak." Sa katunayan, puwedeng lumaki ang mga bulaklak hanggang sa labindalawang pulgadang lapad.

**17 *Magnolia sprengeri*** – Ang taunang naglalagas na *Magnolia* na ito ay katutubo sa gitnang Tsina. Sa mga kagubatan doon, ang matatandang ispesimen ay makikitang lumalaki nang hanggang sa taas na 21 metro. Ang kulay rosas na mga bulaklak na ito ay lumalabas bago ang mga dahon at may mahalimuyak na bango.

**18 *Magnolia zenii*** – Ang pinakabihirang *Magnolia* sa Garden at nakared list sa IUCN bilang kritikal na nanganganib na mawala, tanging kaunting dosena lamang ng mga halaman ito ang nahanap noong unang natuklasan sa Tsina noong 1931.

**19 *Magnolia amoena*** – Ang "kaakit-akit na magnolia" ay natuklasan sa Bundok Hwang ng Tsina noong 1933. Ang partikular na punong ito ay regalo mula sa Shanghai Botanical Garden at ibinigay sa Garden ng dating Mayor na si Diane Feinstein noong 1982.

**20 *Magnolia stellata* 'Rosea'** – Nanganganib na mawala sa kagubatan ng pinagtubuan nito sa Japan ngunit malawak na pinapatubo sa Hilagang Amerika, Europa, at sa iba pang lugar, ang pangalan ng uri, *stellata*, ay nangangahulugan na bituin. Karaniwang puti ang bulaklak ng uri na ito at may makikitid na talulot na bumubuka na parang bituin, ang cultivar na ito na 'Rosea' ay may mababangong kulay rosas na bulaklak.